Fukushima International Association

# Fukushima NOW

おかげさまで 30TH ANNIVERSARY FIA 福島県国際交流協会

Vol.9（Published in February 2019）

Ang Prepektura ng Fukushima International Association ay gustong ipakilala ang Fukushima sa iba't ibang wika sa tulong ng "Now"sa pamamagitan ng pag record ng mga tinig ng mga banyagang residente ng Fukushima at ang kani kanilang pag sisikap para makabangon mataposmaganap ang sakuna, kahit na sa pamamagitanng palitang pang-internasyonal o pag sisikap ng iba't ibang organisasyon.

※Ang mga may iba't ibang wikang diyaryo ay puwedeng idownload sa homepage ng FIA.

## Voices from Fukushima

### Ang pagdating ng bagong miyembro ng pagpapalitan ng Ekonomiya Fukushima mula sa bansang Alemanya

Noong buwan ng Agosto taon 2018 ang Medical Device Industry,Renewable Energy Medical Industry Cluster Promotion Unit Business Creation Division ng Fukushima Prefectural Government ay inihalal si Mr. Simon Essler ng bansang Alemanya bilang bagong miyembero. Si Mr. Essler ay dati rating naka tira sa Tokyo, Kanasawa, at Okinawa. Nabanggit ni Mr. Essler na 「ikinagagalak kong madiskobre ang kagandahan ng Fukushima at iba't ibang lugar ng Tohoku」

Apat na buwan na ang nakalilipas magbuhat ng mag umpisa siya sa trabahong ito,kaya tinanong ko ang mga detalye ng trabaho at ang kasalukuyang nilalaman ng kanyang pag-iisip (araw ng interview: Disyembre 25, 2018)



**- Puwede po bang magkuwento kayo ng tungkol sa pinanganakan niyong lugar Mr. Essler ?**

Ako ay ipinanganak at lumaki sa bayan ng Bielefeld ng North Rhine-West-Phalia. Ang bayan ay may malaking kagubatan, may kastilyo, at may malaking populasyon higit sa lunsod ng Fukushima. Namuhay ako sa Dusseldorf noong ako ay pumasok sa kolehiyo hanggang sa makatapos ako sa kolehiyo.

**- Ano ang maging dahilan kung bakit nagkaroon ka ng enteresado sa bansang Hapon?**

Nagkaroon ako ng enteres sa Kultura ng bansang Hapon ng makatanggap ako ng libro galing sa aking kaibigan ni Haruki Murakami. At ang kauna-unahan kong pag bisita sa bansang Hapon ay 14 years ago. Ng grumaduate ako ng high school ay ginugol ko ang mahaba kong pahinga sa pag lilibot sa buong bansa at tumigil ako sa bansang Hapon ng isang linggo.

**- Paki paliwanag po kong ano ang klase ng inyong trabaho.**

Ako ay naka distino sapag oorganisa ng exhibit ng mga aparato ng medical at nababagong enerhiya. Ang mga exhibits na ito ay maraming beses na ginaganap sa isang taon sa Fukushima at Alemanya. Kasalukuyan, ako ay nag preprepara tungkol sa "E-world energy & water 2019" exhibition, na gaganapin sa Essen Germany Pebrero 2019. Ito ang pinakamalaking International Exhibition ng Europe para sa energy-related industry.

**- Kailan mo nakakaramdaman ang kahalagahan ng iyong mga nagagawa?**

Nararamdaman ko ang kahalagahan at saysay ng aking mga gawain kapagka nagkakaroon ng exhibition dahil napakaraming linggo ang naibubuhos ko dito sa pag preprepara. At isa pa, marami akong natututonang mga makabagong bagay araw araw at masayang nakikisalamuha sa mga taong kasama sa paggawa ng iba't ibang uri ng produkto.

**- Ano ang masasabi mo sa lugar ng Fukushima?**

Gustong gusto ko ang mga tanawin ng lunsod ng Fukushima kasama na ang bundok ng Shinobu. Tuwing bakasyon ko ay nililibot ko talaga ang lunsod. Nang magumpisa ako sa trabaho kong ito ay palagi kong naiisip kung ano ba ang kinakailangan para lumgo ang Fukushima. At napag isip isip ko na masmakabubuti sa lunsod ng Fukushima kung ang lugar ay magiging lugar na magkakaroon ng interes ang mga kabataan. Dahil sila ang mga mamamayan na siyang gagawa ng korte at kulay para sa kinabukasan ng Fukushima.

**- Ang Alemanya ay nagdesisyon na ang lahat ng mga nuclear power plants ay tatapusin sa taon ng 2022. Gaano kainteresado ang mga mamamayan ng Alemanya sa bansang Hapon?**

Ang lahat ay may interes sa sitwasyon ng Fukushima. Kaya lang sa pag kakaalam ko ay ang kasalukuyang sitwasyon ng fukushima ay hindi masyadong naipapahayag

Tulad ng Chernobyl na malapit sa Alemanya, ang mga mamamayan ay may interes na tungkol sa nuclear plant bago pa nagkaroon ng sakuna sa fukushima. At saka, mayroon silang mataas na kaalaman tungkol sa pangangalaga ng global environment tulad ng pag gamit ng green energy at pag babawas ng paglabas ng $CO_2$

**- Para sa hinaharap ay may plinaplano ka bang gawin?**

Gustong gusto kong mamasyal sa pamamagitan ng train kaya plinaplano kong gamitin ang youthful 18 tickets at pumasyal sa iba't ibang lugar. Sa ngayon ay plinaplano kong sumakay sa Tadami line at bumisita sa Aizu-Wakamatsu at Niigata. Halos kalahati na ng bayan ng Fukushima ay nabisita ko na kaya gusto ko namang bisitahin ang mga lugar na hindi ko na napupuntahan.

## Pagbisita sa lugar na sakop ng sakuna ng Palestinian Authority Workers





Pitong katao buhat sa Palestine Liberation Organization(PLO) at sa Department of Palestinian Affairs(DoRa) ang pumasyal sa bayan ng Namie. Sa kasalukuyang sitwasyon sa refugee camps, ang mga workers na ito ay gustong malaman ang pamamaraan kong papaano naayos ang Tohoku region at gamitin ito para maayos ang pamumuhay sa refugee camps.

Malaki ang naidulot na kasiraan sa Bayan ng Namie ng maganap ang Great East Japan Earthquake at tsunami. Ang buong mamamayan ng Namie ay sapilitang pinalikas ng maganap ang aksidente sa Fukushima Nuclear Power Plant. Ngunit noong nakaraang taon ng Disyembre ay mula sa nagsilikas na 17,000 residente ay halos 800 na residente na ang bumalik sa bayan ng Namie.


Isa sa nagtratrabaho sa DoRa na si Ms. Fadia ay nagwikang,"Malaki ang maitutulong ng mapag alaman naming kung ano ang paraang ginamit para sa bayan ng Namie. Ngunit sa patuloy na sitwasyong ng refugee camps sa Palestina, napakahirap para sa amin na panghawakan ang mga nang yayari sa refugees. Bilang resulta nito, marami paring mga pagsubok natatahakin para isa gawa ang katulad ng pamamaraan na ito sa refugee camps.

## Mapalalim ang pang-unawa tungkol sa sariling Roots（pinanggalingan)

Siyam(9) na katao na dating residente ng Fukushima na kasalukuyang naninirahan sa Latin Amerika at North Amerika ang bumisita sa prepektura ng Fukushima para sa sampung(10) araw. Sila ay galing ng bansang Brazil, Argentina, Peru, Dominican Republic at Amerika. Ang layunin ng study tour ay para mapalalim ang kaalaman ng mga partisipante tungkol sa kultura ng kanilang Roots at kasama na ang pagsisikap ng Fukushima tungkol sa pagsasagawa ng pagbangon muli.

Ng mga araw ng pagbisita, ang mga partisipante ay nakipag-usap sa Vice-President, bumisita sa Commutan Fukushima at dumanas ng mga aktibidadis ng kultura ng bansang Hapon. At tumigil sila sa kanilang home stay family.

Si Missy Keiko Miyashiro galing Hawaii Island Fukushima Kenjin Doshikai ay nag wika na "Nabisita ko ang templo na sa palagay ko ay may koneksyon sa aking pamilya at sinisigurado kong ang aking lola ay magkakaroon interes pag narinig ang kuwento ko tungkol dito. At dagdag pa dito ay, dahil sa ang Hawaii ay mayroon ding karanasan sa Tsunami, ang ipinag-aalala ko ay ang idinulot ng sakuna sa mga mamamayan ng Fukushima.



## Dalawang oras na trip sa buong mundo! Ang susunod na destinasyon ay England!

Noong Sabado Enero 19, ang Fukushima International Association at naglunsad ng Global Communication Café sa Shirakawa. Ang lecturer at nag introduce ng pamumuhay sa England, pagkain, at kaugalian ay si Ms. Zoe Vincent ng England.



Ang impormasyon tungkol sa susunod na event ay naka up load sa homepage ng FIA at SNS. Ikinagagalak po naming makasama ulit kayo sa susunod na GC

**Impormasyon para sa pag susumikap makabangon buhat sa "Fukushima Restoration Station" iba't ibang wika** Sa Fukushima Prefectures official revitalization na may kaugnayang impormasyon portal site "Fukushima Restoration Station" ay naglunsad ang pinakabagong data para sa ligtas na pagkain at ang mga aktibidadis ng mga sumu-suporta sa Fukushima sa pamamagitan ng 9 na wika (Hapon, Ingles, Mandarin, Koreyano, German, French, Italiano, Espanyol, at Portuguese).**Fukushima Restoration Station**
http://www.pref.fukushima.lg.jp/site/portal-english/

**Paki padala po ang inyong comments o panukala** Ikinagagalak po naming marinig ang inyong opinyon o panukala. Paki padala po ang impormasyon tungkol sa paksa na gusto ninyong ipahayag o kaya naman ay impormasyon tungkol sa mga tao ng gustong mainterview.

●FIA Information

**Impormasyon hinggil sa konsultasyon ukol sa pamumuhay ng mga dayuhan dito sa Fukushima**

Dito sa FIA ay mayroong konsultasyon para sa mga dayuhan sa ibat–ibang wika.

| | |
|---|---|
| English, Intsik, Hapones | Martes hangang Sabado sa oras na alas nuebe hanggang ala sinko ng hapon |
| Koreano, Tagalog,Portuges | Tuwing huwebes sa oras na alas dies hanggang alas dos ng hapon.※Tuwing ika-apat at ika- limang Huwebes ng buwan ay kinakailangang kumuha ng reserbasyon. |

●Publisher

Fukushima International Association
〒960-8103 Funabacho 2-1, Fukushima City, Fukushima Prefecture
TEL 024-524-1315 FAX 024-521-8308
E-mail info@worldvillage.org
URL http://www.worldvillage.org
Facebook https://www.facebook.com/fiainfo
Twitter https://twitter.com/fia_info
☎024-524-1316(pribado)✉ask@worldvillage.org